

PAHINA NG IMPORMASYON SA PANININGIL SA PASYENTE AT TULONG PINANSYAL

**Johns Hopkins Medicine
The Johns Hopkins Hospital
Johns Hopkins Bayview Medical Center
Howard County General Hospital
Suburban Hospital
Sibley Memorial Hospital**

Ang Johns Hopkins Medical Institutions ay tapat sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga pasyenteng mayroong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at walang insurance, kulang sa insurance, o hindi karapat-dapat sa isang programa ng pamahalaan, o sa ibang paraan ay hindi kayang magbayad ng pangangalagang medikal na kinakailangan batay sa kanilang indibidwal na sitwasyon sa pinansya.

Buod ng Mga Kahingian para sa Pagiging Karapat-dapat at Inaalok na Tulong

Patakaran ng Johns Hopkins Medical Institutions na magkaloob ng tulong pinansyal batay sa karalitaan o sobra-sobrang medikal na utang para sa mga pasyenteng nakakatugon sa mga tinukoy na pamantayan at humihiling ng naturang tulong.

Ang ospital ay nag-aalok ng tulong pinansyal sa mga partikular na indibidwal sa ilalim ng isang Patakaran sa Tulong Pinansyal. Kung hindi mo kayang magbayad para sa medikal na pangangalaga, maaari kang magkwalipika para sa Libre o Pinaliit na Halagang Pangangalaga na Medikal na Kinakailangan kung ikaw ay:

- Isang miyembro ng komunidad ng ospital. Inaabot ng komunidad ang mga taong naninirahan o nagtatrabaho sa lugar na pinagseserbisyuhan ng ospital o nangangailangan ng mga serbisyong pang-emerhensiya habang bumibisita sa lugar na pinagseserbisyuhan.
- Walang ibang opsyon sa insurance
- Pinagkaitan ng medikal na tulong o bigong makatugon sa lahat ng kahingian para maging karapat-dapat
- Nakaaktugon sa mga partikular na pamantayan sa pinansya

Walang indibidwal na karapat-dapat sa tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ang sisingilin ng mas malaki para sa pangangalagang pang-emerhensiya o iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil (AGB).

Partikular sa Sibley Memorial Hospital

Sa ilalim ng batas ng District of Columbia, dapat gawing available ng Sibley Memorial Hospital (SMH) ang mga serbisyo nito sa lahat ng tao sa komunidad. Ang SMH ay hindi pinahihintulatang magdiskrimina laban sa isang tao dahil sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, edad, estado sibil, personal na hitsura, sekswal na oryentasyon, mga responsibilidad sa pamilya, matrikula, politikal na pagkakaugnay, pisikal na kapansanan, pinagmumulan ng kita, o lugar ng tirahan o negosyo, o dahil ang isang tao ay sakop ng isang programa tulad ng Medicare o Medicaid.

Ang SMH ay inatasan ding magkaloob ng makatuwirang dami ng mga serbisyo nang walang bayad o nang may mas maliit na bayad sa mga taong hindi kayang magbayad. Tanungin ang mga kawani kung karapat-dapat kang makatanggap ng mga serbisyong walang bayad o may mas maliit na bayad. Kung naniniwala kang pinagkaitan ka ng mga serbisyo o pagsasaalang-alang para sa pagpapagamot nang walang bayad o nang may mas maliit na bayad nang walang mabuting dahilan, makipag-ugnayan sa Admissions o Business Office ng tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan, at tawagan ang Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado sa pamamagitan ng Call Center sa buong Lungsod sa 202-727-1000. Kung nais maghain ng reklamo ng isang pasyente, may makukuhang mga form sa Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado.

Buod ng kung Paanong Mag-apply para sa Tulong sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal

Upang makakuha ng mga libreng kopya ng Patakaran at Aplikasyon sa Tulong Pinansyal ng ospital, at para sa mga tagubilin kung paanong mag-apply, pakibisita ang aming website sa:

https://www.hopkinsmedicine.org/patient_care/billing_insurance/assistance-services/#financial_assistance o magpunta sa isang Pinansyal na Tagapayo sa Admission Office ng ospital. Upang makakuha ng libreng kopya ng Patakaran at Aplikasyon sa Tulong Pinansyal sa pamamagitan ng koreo, tawagan ang 443- 997-3370 (lokal) o 1-855-662-3017 (toll free) upang humingi ng kopya o magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Johns Hopkins Health System, Customer Service – Financial Assistance, 3910 Keswick Road, S-5300, Baltimore, MD 21211.

Pakitawagan ang Customer Service sa 443-997-3370 (lokal) o 1-855-662-3017 (toll free) o magpadala ng email sa pfscs@jhmi.edu o bumisita sa isang Pinansyal na Tagapayo sa Admission Office ng ospital para sa mga tanong kaugnay ng:

- Ang Patakaran at Aplikasyon Tulong Pinansyal
- Iyong bill sa ospital
- Iyong mga karapatan at obligasyon kaugnay ng iyong bill sa ospital
- Iyong mga karapatan at obligasyon kaugnay ng mas mababang halagang pangangalaga na medikal na kinakailangan dahil sa kahirapang pinansyal
- Paano mag-apply para sa libre at pinababang halagang pangangalaga
- Paano mag-apply para sa Tulong Medikal ng Maryland, Tulong Medikal ng DC, o iba pang mga programa na maaaring makatulong sa pagbabayad ng iyong mga medical bill

Makakakita ng pagsasalin sa wika ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at lahat ng kaugnay na dokumentasyon sa aming website sa: https://www.hopkinsmedicine.org/patient_care/billing_insurance/assistance-services/#financial_assistance

Tulong Medikal ng Maryland

Maaari ka ring magkwalipika para sa Tulong Medikal ng Maryland. Para sa impormasyon ukol sa Tulong Medikal ng Maryland makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng mga Serbisyong Panlipunan sa 1-800-332-6347 (TTY 1-800-925-4434) o bisitahin ang: www.dhr.state.md.us

DC Medicaid

Maaari ka ring magkwalipika para sa DC Medicaid. Para sa impormasyon ukol sa DC Medicaid, makipag-ugnayan sa (202) 727-5355 upang malaman kung nasaan ang pinakamalapit na Economic Security Administration (ESA) Service Center sa iyo o bisitahin ang: www.dc-medicaid.com

Mga Karapatan at Obligasyon sa Paniningil

Hindi lahat ng medikal na gastos ay sakop ng insurance. Ginagawa ng ospital ang bawat pagsisikap upang matiyak na tama ang pagkakasingil sa iyo. Nasa iyo na ang pagbibigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa iyong pagkakasakop sa insurance sa kalusugan kapag dinala sa ka ospital o nagpunta ka sa outpatient clinic. Makakatulong ito upang tiyakin na masingil sa tamang panahon ang kompanya ng iyong insurance. Hinihingi ng ilang kompanya ng insurance na ipadala ang mga bill kaagad matapos kang makatanggap ng paggagamot, kung hindi, maaaring hindi nila bayaran ang bill. Ang iyong pinal na bill ay magpapakita ng aktwal na halaga ng pangangalaga, na binawasan ng anumang natanggap na bayad ng insurance at/o pagbabayad na isinagawa sa panahon ng iyong pagbisita. Responsibilidad mo ang lahat ng singil na hindi sakop ng iyong insurance.

Kapag hindi ka nagkwalipika para sa Tulong Medikal ng Maryland, Tulong Medikal ng DC o tulong pinansyal sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal, maaaring maging karapat-dapat ka sa mas matagal na plano sa pagbabayad ng iyong medical bill.

Hindi pa kasama sa mga bill ng ospital ang mga singil ng doktor, at hiwalay na sinisingil ang mga ito. Pinasisimple ng Johns Hopkins ang aming billing statement. Para sa mga serbisyo matapos ang Hulyo 23, 2018, makakatanggap ka ng iisang bill para sa iyong pangangalaga sa Johns Hopkins Health System (hindi kasama ang Kalusugan ng Pag-uugali). Gayunpaman, maaari ka pa ring makatanggap ng maraming bill para sa mga serbisyong natanggap bago ang Hulyo 23, 2018, hanggang sa mabayaran ang mga balanseng iyon mula sa mga doktor na nakabase sa ospital tulad ng mga anesthesiologist, pathologist, at mula sa mga pribadong doktor ng komunidad.